
Una ay gumawa si Nephi ng mga gagamitin. Pagkatapos ay nagsimula na siyang gumawa. Nagreklamo ang mga kapatid ni Nephi na sina Laman at Lemuel. Hindi sila naniwala na makakagawa siya ng barko.

Alam ni Nephi na mapagkakatiwalaan ng kanilang pamilya ang Ama sa Langit.



Nang matapos ang barko, nagsimulang maglayag sa karagatan ang pamilya ni Nephi. Isang araw nagalit sina Laman at Lemuel kay Nephi at itinali nila ito. Dumating ang isang malakas na bagyo at tinangay pabalik ang barko. Nagsisi ang magkakapatid, at ligtas na ginabayan ni Nephi ang barko sa paglalayag nito.

